
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN IV**




# MODYUL 5

# PAGKONSUMO

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 5**

**PAGKONSUMO**

Tinalakay sa ikaapat na modyul ang proseso ng produksyon. Ito ang proseso ng pagsalin ng isa o higit pang mga hilaw na materyales upang maging mga produkto na handa na upang ikonsumo. Ano naman ang pagkonsumo? Ang pagsusuot o paggamit mo ng *t-shirt* ngayon ay isang akto ng pagkonsumo. Ang pagbili mo ng *softdrinks* kamakailan lamang at pag-inom nito ay pagkonsumo rin. Ang prosesong ito ang pag-uusapan natin sa kabanatang ito.

May limang araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Konsepto ng Pagkonsumo
- Aralin 2: Mga Salik na Nakaiimpluwensya sa Pagkonsumo
- Aralin 3: Mga Batas ng Pagkonsumo
- Aralin 4: Pagkonsumo ng Pilipino
- Aralin 5: Ang Mamimili: Mga Katangian at Karapatan

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang konsepto ng pagkonsumo;
2. Makagagawa ng pamantayan ng pagkonsumo batay sa aspeto ng kulturang Pilipino;
3. Maipaliliwanag ang mga epekto ng pag-aanunsyo sa pagkonsumo ng mga tao;
4. Mapatutunayan ang talino sa pagkonsumo sa pamamagitan ng paggamit ng pamantayan sa pamimili;
5. Maipagtatanggol ang mga karapatan at magagampanan ang mga tungkulin ng mga mamimili; at
6. Mabibigyang-halaga ang pagiging mabisa o hindi ng mga batas ukol sa proteksyon ng mamimili.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ang naglilimita sa pagkonsumo.
   A. Kita.
   B. Presyo.
   C. Okasyon.
   D. Paggaya.

2. Ang paraan ng panghihikayat sa mamimili na gumagamit ng mga kilalalang tao upang ipakilala at hikayatin ang mga tao na bumili at gumamit ng isang partikular na produkto ay
   A. Paraang brand.
   B. Bandwagon.
   C. Pag-aanunsiyo.
   D. Testimonyal.

3. Uri ng pagkonsumo na natatamo agad ng tao ang kasiyahan dulot ng produkto
   A. maaksaya.
   B. direkta.
   C. produktibo.
   D. mapanganib.

4. Uri ng pagkonsumo na wala namang natatamong kasiyahan ang tao
   A. maaksaya.
   B. direkta.
   C. produktibo.
   D. mapanganib.

5. Ang paghanap at pagkukumpara ng isang mamimili ay bahagi ng kanyang karapatang
   A. pumili.
   B. magbayad.
   C. bumili.
   D. kaligtasan.

6. Ang pinsalang nakamit sa paggamit ng isang kalakal ay nararapat na tumanggap ng

   A. papuri.
   B. kabayaran.
   C. kaligtasan.
   D. mapakinggan.

7. Sakop ng DTI ang pagpapatupad ng batas sa

   A. Kalakal at paglilingkod.
   B. Kalakalan at industriya.
   C. Kompanya at pabrika.
   D. Gamot at pampaganda.

8. Alin sa mga sumusunod ang hindi nabibilang:

   A. okasyon.
   B. kita.
   C. Kultura.
   D. Department of Trade and Industry.

9. Alin sa mga sumusunod ang hindi salik sa pagkonsumo

   A. panahon
   B. okasyon
   C. pangagagaya.
   D. artista.

10. Ano ang pagkakapareho ng mga sumusunod:

    - Batas ng bumababang kasiyahan
    - Batas ng Imitasyon
    - Batas ng Pagpapasyang Ekonomiko

    A. Lahat ay batas na pumoprotekta sa mamimili.
    B. Lahat ay batas sa pagkonsumo.
    C. Lahat ay batas sa produksyon.
    D. Lahat ay batas sa distribusyon.

11. Halaga na katumbas ng produkto at serbisyo

    A. presyo.
    B. kultura.
    C. timbang.
    D. panukat.

12. Nagpahayag na kapag maliit ang kita ng tao ay malaki ang inilalaan sa pagkonsumo ng pangunahing pangangailangan ngunit kapag lumaki ang kita ay hindi nadaragdagan ang pagkonsumo sa pangunahing pangangailangan.

    A. Adam Smith.
    B. Ernst Engel.
    C. Gerardo Sicat.
    D. Abraham Maslow.

13. Ang mga sumusunod ay pangunahing pangangailangan maliban sa

    A. pagkain.
    B. tahanan.
    C. edukasyon.
    D. pananamit.

14. Ang mga sumusunod ay mga ahensya na nagbibigay-proteksyon sa mamimili maliban sa

    A. Kagawaran ng Industriya at Kalakalan.
    B. *Civil Service Commission*.
    C. *Bureau of Food and Drugs.*
    D. *National Pollution Commission*.

15. Batas na nagsasaad na ang patuloy na pagkonsumo ng isang partikular na produkto sa isang pagkakataon ay magreresulta sa pagbaba ng karagdagang kasiyahan sa matatamo sa bawat yunit ng produkto na kinukunsumo.

    A. Batas ng Imitasyon.
    B. Batas ng Ekonomikong Pagdedesisyon.
    C. Batas ng Bumababang Kasiyahan.
    D. Batas ng Pagkakabagay-bagay.

16. Salitang ekonomiko sa ingles na tumutukoy sa kasiyahan na natatamo ng tao sa pagkonsumo.

    A. *utility*.
    B. *price*.
    C. *value*.
    D. *happiness*.

17. Batas na nagsasaad na ang paggamit o pagbili ng magkakaternong produkto ay nagbibigay kasiyahan sa tao.
    A. Batas ng Imitasyon.
    B. Batas ng Ekonomikong Pagdedesisyon.
    C. Batas ng Bumababang Kasiyahan.
    D. Batas ng Pagkakabagay-bagay.

18. Batas na nagsasaad na ang tao ay nakatatamo ng higit na kasiyahan sa pagbili ng iba't ibang produkto kaysa sa pagbili ng iisang uri ng produkto.
    A. Batas ng Imitasyon.
    B. Batas ng Ekonomikong Pagdedesisyon.
    C. Batas ng Bumababang Kasiyahan.
    D. Batas ng Pagkakaiba-iba.


19. Batas na nagsasabing ang panggagaya sa produktong ginagamit ng iba ay nagbibigay ng kasiyahan sa tao.
    A. Batas ng Imitasyon.
    B. Batas ng Ekonomikong Pagdedesisyon.
    C. Batas ng Bumababang Kasiyahan.
    D. Batas ng Pagkakabagay-bagay

20. Alin sa mga sumusunod ang ugaling Pilipino na hindi salik sa pagkonsumo
    A. Pagmano sa mga matatanda.
    B. hospitalidad.
    C. Kaisipang kolonyal.
    D. rehiyonalismo.

**ARALIN 1**
**KONSEPTO NG PAGKONSUMO**



Sinasabing ang mga tao ay naghahangad na matugunan ang kanilang napakaraming mga hilig at pangangailangan upang mabuhay at magkaroon ng kasiyahan, ito ang tinatawag na pagkonsumo.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:


1. Maipaliliwanag ang konsepto ng pagkonsumo;
2. Maikakwalipika kung ang iyong mga partikular na aktibidades ay pagkonsumo o hindi;
3. Makikilala ang iba't ibang uri ng pagkonsumo; at
4. Mabibigyang-halaga ang uri ng pagkonsumo na dapat isaalang-alang at dapat iwasan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Kapag ikaw ay bumili at uminom ng *softdrinks*, ikaw ba ay isang konsyumer o prodyuser? Napag-aralan mo na kung ano ang produksyon sa ikaapat na modyul. Sa iyong pananaw, bakit mayroong produksyon? Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.

**PAGKONSUMO**




Dayagram 1.1

Ipinakikita sa dayagram 1.1 ang patuloy na ugnayan ng dalawang mahalagang ekonomikong aktibidades ng tao --- ang produksyon at pagkonsumo. Sa naunang modyul ay tinalakay natin ang konsepto at proseso ng produksyon, ano naman ang pagkonsumo? Ang **pagkonsumo** ay tumutukoy sa pagbili at paggamit ng mga produkto upang matugnan ang mga pangangailangan at matamo ng tao ang kasiyahan. Mahalaga ang prosesong ito sa usapin ng ekonomikks dahil dito nakasalalay ang pagsasagawa ng iba't ibang gawain sa alinmang ekonomiya. Ang produksyon o ang

paglikha ng mga produkto at serbisyo ay mawawalan ng kabuluhan kung hindi bibili at gagamit ng produkto ang mga tao.

Ibig sabihin, ang pagkonsumo ng tao ang magpapaunlad at magpapalawak ng produksyon sa isang bansa kaya madalas nating naririnig na walang produksyon kung walang pagkonsumo.

**Mga Uri ng Pagkonsumo**

1. **Tuwiran o Direkta**

   Ang uri ng pagkonsumpo na nagaganap kapag sa ating pagbili at paggamit ng produkto at serbisyo ay agarang natatamo natin ang kasiyahan at kapakinabangan. Halimbawa, kapag kumain ka ng pandesal upang tugunan ang iyong pagkagutom at matapos ito, napawi ang iyong pagkagutom. Ang pagkapawi ng ating gutom ay isang uri ng pagtugon sa ating pangangailangan na nakapagdudulot ng kasiyahan sa atin.

2. **Produktibo**


   Ang uri ng pagkonsumo na nagaganap kapag bumili tayo ng produkto upang gamitin sa paglikha ng iba pang produkto o serbisyo. Halimbawa, ang pagbili mo ng karayom upang gamitin sa pananahi ng damit na iyong isusuot.

3. **Maaksaya**

   Ang uri ng pagkonsumo na ang pagbili at paggamit ng produkto ay hindi tumutugon sa pangangailangan ng mamimili at hindi nagdudulot ng kasiyahan sa kanya. Maaaring ang ginawang pagbili ay bunga ng mga salik na nakaiimpluwensya sa ating pagkonsumo. Halimbawa ng ganitong uri ng pagkonsumo ay ang pagbubukas ng ilaw kahit maliwanag.

**4. Mapanganib**

Ang uri ng pagkonsumo ng mga bagay na maaaring magdulot ng sakit at perwisyo sa tao. Ang pagbili at paggamit ng mga ipinagbabawal na gamot ay isang halimbawa nito dahil kahit nagdudulot ito ng kasiyahan sa gumagamit nito, ay nagsisilbing banta rin sa kalusugan ng tao.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Kilalanin ang inilalarawan ng mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

____________1. Tumutukoy sa paggamit ng kalakal at serbisyo.

____________2. Uri ng pagkunsumo kapag bumili ng tela upang gamitin sa paggawa ng kamiseta.

____________3. Uri ng pagkonsumo kapag bumili ka ng *softdrinks* upang mapukaw ang itong pagkauhaw.

____________4. Uri ng pagkonsumo kapag hinahayaang bukas ang gripo at umaagos ang tubig.

____________5. Ang kaakibat na ekonomikong proseso o aktibidades ng produksyon.



**Tandaan Mo!**

- Ang **pagkonsumo** ay tumutukoy sa pagbili at paggamit ng mga produkto upang matugunan ang mga pangangailangan at matamo ng tao ang kasiyahan..
- Apat na uri ng pagkonsumo:
  a. Tuwiran o Direkta – natatamo ang kasiyahan sa paggamit ng produkto.
  b. Produktibo – ang biniling produkto o serbisyo ay ginagamit sa produksyon ng iba pang produkto at serbisyo.
  c. Maaksaya – sayang na paggamit ng produkto.
  d. Mapanganib – paggamit ng produkto na delikado sa tao.




**Gawain 3: Paglalapat**

Mayroon tayong apat na uri ng pagkonsumo --- tuwiran, produktibo, maaksaya at mapanganib. Magbigay ka ng halimbawa ng iyong pagkonsumo para sa bawat uri. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

## ARALIN 2
## MGA SALIK NA NAKAIIMPLUWENSYA SA PAGKONSUMO



May naipon kang dalawang daang piso mula sa iyong baon. Kaninang umaga dinagdagan ito ni nanay ng dalawang daang piso pa. Dahil nadagdagan ang iyong pambili, maaaring mas dumami ang iyong kukunsumuhin o hindi kaya ay mas kaya mo nang bilhin ang mas mahal na uri o *brand* ng *t-shirt*. Kung tag-init, malamang ang bibilhin mo ay mga damit na maninipis o maginhawa at sa panahon ng tag-ulan, ang bibilhin mo ay makakapal. Sa dalawang sitwasyong ito, makikita natin na may mga bagay na nakaapekto sa kung ano ay gaano karami an gating bibilhin at kukunsumuhin. Ang pag-uusapan natin sa araling ito ay ang lahat ng mga salik na ito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang epekto ng mga salik na nakaiimpluwensya sa pagkonsumo;
2. Matutukoy ang mga salik na nakaapekto sa iyong pagkonsumo; at
3. Matutukoy ang digri ng impluwensya ng mga salik sa pagkonsumo.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ng iyong sagot sa iyong kwaderno.

1. Panahon ng tag-init, ano ang kakainin mo lugaw o halo-halo?

2. Araw ng mga patay, ano ang mabili kandila o paputok?
3. Nagtinda ka uli ng halo-halo ngayong bakasyon, mas malaki ang iyong tinubo. Sa parehong produkto at presyo nito noong nakaraang bakasyon, mas marami ka bang mabibili o mas kaunti ang iyong mabibili sa iyong kinita ngayong bakasyon?
4. Kung ikaw ay may pangbili, mas bibilhin mo ba ang t-shirt na nirerekomenda ng iyong paboritong artista o yung walang paanunsyo?
5. Alin ang mas marami kang mabibili, yung mas mataas ang presyo yung mas mababa?

**Mga Salik na Nakaiimpluwensya sa Pagkonsumo**

Ang mga sagot sa katanungan sa unang pagsasanay sa araling ito ay nakabase sa mga salik na nakaiimpluwensya sa atin pagkonsumo:

**1. Kita**

Ito ay tumutukoy sa salaping tinatanggap ng tao katumbas ng ginawang produkto at serbisyo. Ang pagkonsumo ng tao ay naaayon sa kita na kanyang tinatanggap.

Malaki ang epekto ng kita sa ating pagkonsumo. Ayon sa pagsusuri ng ekonomistang si Ernst Engel, malaking porsyento ng kita ng tao ang ginugugol sa pagkonsumo ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain kapag maliit ang kita. Ngunit kapag lumaki ang kita lumiliit ang porsyento ng kita na ginugugol para sa pagkain, sapagkat napagtutuunan ng pansin ag pagkonsumo sa ibang produkto na bahagi ng mga hilig ng tao --- ito ang tinatawag na *Engel's Law* (pag-uusapan pa natin ang batas na ito sa mga susunod na aralin).

**2. Okasyon**

Madalas na ang mga tao ay nagbibigay ng regalo o di kaya ay naghahanda tuwing may mga okasyon na magaganap tulad ng kaarawan, araw ng pagtatapos, Pasko, Bagong Taon, Araw ng mga Puso, at iba pa. Mabili ang mga bulaklak, kard at

tsokolate tuwing Araw ng mga Puso; kandila at bulaklak kapag Araw ng mga Patay; mga damit, sapatos at iba pa kapag Pasko, at iba pa.

**3. Pag-aanunsyo**

Ang pag-aanunsyo ang pamamaraan upang hikayatin ang mga konsyumer na tangkilikin ang isang produkto. May iba't ibang paraan upang isagawa ito:

a. *Bandwagon* – nagpapakita ng dami ng tao na tumatangkilik sa produkto. Halimbawa nito ang linya mula sa isang sikat na anunsyo sa telebisyon: "*9 put of 10 Filipinos use* <u>(tatak ng isang sikat na sabon).</u>*"*
b. *Testimonial* – pag-eendorso ng mga kilalang tao ng mga produkto.
c. *Paraang Brand* – pagpapakilala ng mga katangian ng produkto.

Ang mga paborableng salita na ihinakabit sa ipinakikilalang produkto ang dahilan ng pagbabago sa pagkonsumo sa pagkonsumo ng pagbabago sa pagkonsumo ng tao. Madagdagan ang binibiling produkto ng tao bunga nang pag-aanunsyo.

Ang pangunahing motibo sa pag-aanunsyo ay ang paghihingkayat ng mga konsyumer upang bumili ng produktong inaanunsyo upang tumaas ang kita ng prodyuser ng inanunsyong produkto.

**4. Presyo**

Ang presyo ng produkto ang salik na naglilimita at makadaragdag sa pagkonsumo ng mga produkto at serbisyo. Ang pag-alam sa presyo o halaga na katumbas ng produkto at serbisyo ay mahalaga upang mabatid kung kaya ng isang tao na bilhin ang isang produkto.

**5. Pagpapahalaga ng Tao**


Ang ugali ng tao ay nakaiimpluwensya sa kanyang pagkonsumo. Ang tao na nagpapapahalaga sa pagtitipid ay nagtitimbang-timbang muna ng mga bagay bago ito bilhin, mas prayoridad ang pagkonsumo sa mga pangunahing pangangailangan.

**6. Panahon**

Ang pagkonsumo ay naiimpluwensyahan ng panahon dahil nag-iiba ang kinukonsumong produkto kapag nagbabago ang panahon. Kung tag-init, mas gusto nating kumain *ice cream* at halo-halo at magsuot ng mga maninipis na damit. Kung taglamig/tag-ulan naman, mas gusto nating kumain ng lugaw o mami at magsuot ng medyo makakapal damit.

**7. Panggagaya**

Maliban sa uso o napapanahon ang mga kalakal may mga taong bumibili ng produkto na ginagamit ng kapatid, kaibigan, kapitbahay, artista at iba pang tanyag na tao. Ang salik na ito ang dahilan ng pagkakaroon ng magkakatulad na produkto na kinokonsumo ng mga tao.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Tugunan ang hinihingi sa ibaba. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

_____________1. Tumutukoy sa pamamaraan ng pagpapakilala ng produkto na maaaring isagawa sa pamamagitan ng *bandawagon, testimonial* at paraang *brand*.

______________2.
______________3.
______________4.
______________5. Mga salik na nakaiimpluwensya sa pagkonsumo.
______________6.
______________7.
______________8.

______________9. Ang pamamaraan ng pag-aanunsyo na nagpapakita ng dami ng tao na tumatangkilik sa produkto.

_____________10. Ang paraan ng pag-aanunsyo sa pamamagitan ng pag-eendorso ng mga kilalang tao ng mga produkto.



**Tandaan Mo!**

- Ang mga salik na nakaiimpluwensya sa pagkonsumo ay ang mga sumusunod: a) kita; b) kasyon; c) pag-aanunsyo; d) presyo; e) panahon; f) pangagaya; at g) pagpapahalaga ng tao.



**Gawain 3: Paglalapat**


Piliin sa Hanay B and salik na nakaiimpluwensya sa pagkonsumo na tinutukoy / inilalarawan sa bawat bilang sa Hanay A. Isulat ang titik ng iyong sagot sa iyong kwaderno.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ___ 1. Salapi na tinatanggap kapalit ng ginawang produkto o serbisyo. | a. okasyon<br>b. kita |
| ___ 2. Halaga na katumbas ng produkto o serbisyo. | c. presyo<br>d. pag-aanunsyo |
| ___ 3. Araw ng mga Puso kaya mataas ang pagkonsumo ng mga bulaklak at tsokolate. | e. panahon |
| ___ 4. Tag-ulan kaya't mataas ang pagkonsumo ng payong at kapote. | |
| ___ 5. Pamamaraan ng pagpapakilala ng produkto sa pamamagitan ng testimonya ng mga kilalang artista, pagpapakita ng dami ng tao na kumukunsumo ng nasabing produkto. | |

**ARALIN 3**
**MGA BATAS NG PAGKONSUMO**



May mga batas na sumasaklaw sa proseso ng pagkonsumo na tutulong sa pag-unawa natin sa pagkonsumo. Ang mga batas na ito ang tatalakayin natin sa araling ito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang mga batas na sumasaklaw sa pagkonsumo;
2. Maiuugnay ang mga batas na ito sa iyong indibidwal na pagkonsumo; at
3. Magagamit ang mga batas na ito sa palitan ng mga salita ng mga susunod na pagkonsumo ng mga tao (na malaki ang maitutulong lalo na kung mapagdesisyunan mo na magnegosyo).



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

1. Ano ang pipiliin mo?
   A. pare-parehong puting v-neck na t-shirt at walang pagkakaiba
   B. iba ibang uri, disenyo at kulay ng t-shirt

2. Ano ang pipiliin mo?
   A. sa tanghalian: pritong galunggong, nilagang baka at kanin
   B. sa tanghalian: pritong galunggong, *ice cream*

3. Ano ang pipiliin mo?
   A. kung ano ang makita mong itinitindang damit sa kalapit ninyong tindahan
   B. mga damit ng iyong paboritong mga artista

4. Ano ang uunahin mo?
    A. pagkain ng iyong pamilya
    B. cellular phone na bago

5. Kung uhaw na uhaw ka na at uminom ka ng tubig, alin ang pinakamarap sa iyong panlasa, ang una, ikalawa o ikatlong baso?

**Mga Batas ng Pagkonsumo**

1. **Batas ng Pagkakaiba-iba** (*Law of Variet*y)

Ayon sa batas na ito, higit na kasiyahan ang natatamo ng tao sa pagbili ng iba't ibang produkto kaysa sa pagbili ng iisang uri ng produkto.

Ang batas na ito ang magpapaliwanang kung bakit ang mga konsyumer ay bumibili at gumagamit ng iba't iobang klase o uri ng produkto. Ito ang magpapaliwanag kung bakit ang ulam mo kahapon ay madalas kaysa hindi na magkaiba. Kung bumibili ka naman ng damit, magkakaiba ito ng disensyo, kulay o kaya ay tatak.

2. **Batas ng Pagkakabagay-bagay** (*Law of Harmony*)

May mga pagkakataon na ang mga konsyumer ay nagnanais na bumili at gumamit ng mga produktong babagay sa isa't isa o di kaya ay magkakaterno. Halimbawa kung ang ulam mo ay dinuguan, ang nais mong katerno nito ay puto. Kung ikaw ay isang babae, bumili ka ng blusa, nais mo itong isuot kasabay ng babagay na palda o pantalon, sapatos at bag.

3. **Batas ng Imitasyon** (*Law of Imitation*)

Ayon sa batas na ito, ang mga tao ay nagtatamo ng higit na kasiyahan kapag kumukunsumo ng mga produkto na ginaya lamang sa iba.

Ang batas na ito ay susuporta sa ideya kung bakit ang testimonial ng mga sikat na artista ay isang epektibong paraan upang mahikayat ang mga tao sa pagkonsumo ng produktong inaanunsyo lalo na ng mga damit dahil nais nilang gayahin ang mga sikat na artista lalo na ang kanilang mga iniidolo.

**4. Batas ng Pagpapasyang Ekonomiko** (*Law of Economic Order*)

Ayon sa batas na ito, mas bibigyang prayoridad ng tao na gumastos para sa kanyang mga pangunahng pangngailangan gaya ng pagkain. Nakakamit ng tao ang satispaksyon kapag nakagawa ng mga pagpapasya na magbibigay pansin sa mga bagay na maituturing na pangunahing pangangailangan ng tao. (Naaalala mo ba ang Engel's Law? Ano sa tingin mo ang kaugnayan nito sa Batas ng Pagpapasyang Ekonomiko?)


**5. Batas ng Bumababang Kasiyahan** (*Law of Diminishing Utility*)


Ang ***utility*** ay tumutukoy sa kapakinabangan o kasiyahan na natatamo ng tao sa pagkonsumo ng mga produkto. May tinatawag na ***marginal utility*** o karagdagang kasiyahan na natatamo at ***total utility*** o kabuuang kasiyahan na nakukuha sa pagbili at paggamit ng mga produkto.


Ang isang taong uhaw na uhaw ay naghahangad na makainom ng malamig na tubig. Kapag siya ay binigyan at nakainom ng isang bote ng malamig na tubig ay naghahangad pa rin ng karagdagang bote ng tubig. Ang kasiyahang natamo ng taong ito sa pag-inom ng tubig sa una at ikalawang pagkakataon ay di katulad kapag kumunsumo pa soya sa ikatlong beses sa parehong pagkakataon, pang-apat, panglima. Batay sa batas na ito, ang kabuuang kasiyahan ng tao ay tumataas sa bawat pagkonsumo ng produkto ngunit kapag ito ay sunud-sunod, ang karagdagang kasiyahan ay pababa nang pababa bunga ng unti-unting pagdating sa lebel ng pagkasawa sa pagkonsumo ng iisang produkto sa iisang pagkakataon at kapag dumating na sa punto ng pagkasawa, ang kabuuang kasiyahan ay titigil na sa pagtaas.

**Kabuuan at Karagdagang Kasiyahan na Natatamo sa Pag-inom ng Tubig sa Isang Partikular na Pagkakataon**

| Bilang ng Bote ng Tubig na Nainom | Kabuuang Kasiyahan na Natatamo | Karagdagang Kasiyahan na Natatamo sa Bawat Bote ng Tubig na Nakukunsumo |
|---|---|---|
| 1 | 10 | |
| 2 | 18 | 8 |
| 3 | 24 | 6 |
| 4 | 28 | 4 |
| 5 | 30 | 2 |
| 6 | 31 | 1 |
| 7 | 31 | 0 |





**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Kilalanin ang tinutukoy sa mga sumusunod na pangungusap. ISulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

____________ 1. Batas na nagsasabing ang panggagaya sa produktong ginagamit ng iba ay nagbibigay ng kasiyahan sa tao.

____________ 2. Salitang ingles na tumutukoy sa kasiyahan na natatamo ng tao sa pagkonsumo.

____________ 3. Batas na nagsasaad na ang paggamit o pagbili ng magkakaternong produkto ay nagbibigay kasiyahan sa tao.

____________ 4. Batas na nagsasaad na ang patuloy na pagkonsumo ng isang partikular na produkto sa isang pagkakataon ay magreresulta sa pagbaba ng karagdagang kasiyahan sa matatamo sa bawat yunit ng produkto na kinukunsumo.

____________ 5. Batas na nagsasaad na ang tao ay nakatatamo ng higit na kasiyahan sa pagbili ng iba't ibang produkto kaysa sa pagbili ng iisang uri ng produkto.



**Tandaan Mo!**

- Ang ***utility*** ay tumutukoy sa kasiyahang natatamo ng tao sa pagkonsumo ng produkto o serbisyo.
- Ang ***marginal utility*** ay tumutukoy sa karagdagang kasiyahan na natatamo sa pagkonsumo ng karagdagang yunit ng isang produkto o serbisyo sa isang pagkakataon.
- Ang ***total utility*** ay tumutukoy sa kabuuang kasiyahan na natatamo sa pagkonsumo nglahat ng yunit ng isang produkto o serbisyo sa isang pagkakataon.
- Mga batas na sumasaklaw sa pagkonsumo: (1) Batas ng Pagkakaiba; (2) Batas ng Pagkakabagay-bagay; (3) Batas ng Imitasyon; (4) Batas ng Pagpapasyang Ekonomiko; at (5) Batas ng Bumababang Kasiyahan.



**Gawain 3: Paglalapat**

Gamit ang mga batas sa pagkonsumo, sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

1. Tumaas ang halaga ng gasolina. Sumunod dito nagkaroon ng pagtaas sa pamasahe at sa presyo ng mga produkto, ngunit nanatiling di tumataas ang sahod ng mga manggagawa. Ayon sa Batas ng Pagpapasyang Ekonomiko (Law of Economic Order), paano gagastusin ng iyong ama ang kanyang sahod?

2. Matapos ang mahapong pagtatrabaho ng iyong ama sa bukid, ay gutum na gutom siya nang umuwi sa inyong bahay. Hinainan mo siya ng pagkain at ang ulam niya ay galunggong. Higit sa isang galunggong na halos magkakapareho ang laki ang kanyang nakain. Ayon sa Batas ng Bumababang Kasiyahan (Law of Diminishing Utility), higit bang mas magiging maligaya ang iyong ama sa ikaapat na piraso ng galunggong kaysa sa una?

**ARALIN 4**

# PAGKONSUMO NG MGA PILIPINO

Sa patuloy na pagtaas ng mga presyo ng bilihin na walang kaalinsabay na pagtaas ng sahod/kita ng mga Pilipino, ang punong pinagkakaabalahan natin ngayon ay ang pagtugon sa ating mga pangunahing pangangailangan. Paano nga ba hinahati-hati ng mga Pilipino ang kanilang kita upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan? Ang alokasyon ba ng gastos ng mga Pilipino ay indikasyon ng kanyang kahirapan? Nakaaapekto rin ba sa pagkonsumo ng Pilipino ang kanyang kultura? Ito at mga kaugnay pang kaalaman ang tatalakayin natin sa araling ito.

Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mauunawaan ang gawi ng pagkonsumo ng mga Pilipino;
2. Matutukoy ang mga dahilan sa gawi ng pagkonsumo ng mga Pilipino;
3. Maiinterpret ang kahulugan ng mga datos hinggil sa pagkonsumo;
4. Malilinawan ang pakahulugan ng kahirapan;
5. Matutukoy at naipaliliwanag ang mga pamantayan ng kabuhayan; at
6. Matutukoy ang mga elemento ng kultura ng mga Pilipino na nakaapekto sa kanyang pagkonsumo.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Maraming mga Pilipino ang naghihirap. Anu-ano sa palagay mo ang indikasyon na ang isang tao o kanyang pamilya ay naghihirap? Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.

**Pagkonsumo ng Pilipino**

Malaking bahagi ng kita ng bawat pamilyang Pilipino ay ginugugol sa pagkonsumo ng pagkain, lalo na sa bigas at mais na tinatayang kumakain ng singkwenta porsyento ng kabuuang gugol para sa pagkain.

Ang pamilyang naninirahan sa lungsod at lalawigan ay may pagkakaiba sa paggugol sa pagkain, tirahan at sa ibang pangunahing pangangailangan.

**PAGHAHAMBING NG PAGKONSUMO SA URBAN AT RURAL - 1994**

Talahanayan 4.1

| Kinokonsumo | Urban | Rural |
|---|---|---|
| Pagkain | 44.2% | 54.9% |
| Ilaw at tubig | 5.8% | 5.1% |
| Transportasyon at Komunikasyon | 35.2% | 3.5% |
| Libangan | 0.5% | 0.3% |
| Edukasyon | 3.9% | 3.2% |
| Renta sa Tirahan | 15.7% | 7.8% |
| Bayad sa Buwis | 1.7% | 0.7% |
| Medikal | 2.3% | 2.1% |

**Pinagkunan:** Labor Statistics, 1995

Kapag ating sinuri ang mga datos, makikita natin na higit na mataas ang inilalaan ng mga tagalungsod sa gastusin sa edukasyon, libangan, pangangalagang medikal, buwis, transportasyon at komunikasyon kaysa sa mga pamilyang naninirahan sa bary

**PORSYENTO NG PAGKONSUMO NG MGA PILIPINO – 1996**

Talahanayan Blg 4.2

| MGA GASTUSIN | QTR. 1 | QTR. 2 | QTR. 3 | QTR. 4 |
|---|---|---|---|---|
| Pagkain | 52.71 | 52.67 | 52.54 | 53.48 |
| Inumin | 1.98 | 2.20 | 2.25 | 2.06 |
| Tabako | 2.23 | 2.25 | 2.45 | 2.28 |
| Damit, Sapatos | 2.92 | 3.20 | 3.28 | 3.07 |
| Panggatong, Elektrisidad at Tubig | 3.81 | 4.47 | 4.21 | 3.47 |
| Kagamitang Pambahay | 2.23 | 2.08 | 2.21 | 2.14 |
| Pamamalakad ng Tahanan | 13.06 | 12.18 | 11.99 | 10.74 |
| Transportasyon at Komunikasyon | 4.02 | 4.13 | 4.09 | 3.79 |
| Iba Pang Gastusin | 17.05 | 16.81 | 16.98 | 18.96 |

Mapapansin sa talaan ang mga gastusin ng mga Pilipino. Ang pagkain ang higit na pinagkakagastusan, sumunod ang iba pang gastusin na kinabibilangan ng edukasyon, medical at libangan. Ang pamamalakad ng tahanan ang isa rin sa binibigyan ng malaking bahagi sa badyet sa mga gastusin ng mga pamilyang Pilipino.

Ang istruktura ng pagkonsumo ng mga Pilipino, tagalungsod o tagabaryo man, ay nababatay sa kitang tinatanggap ng bawat pamilya. Mahalagang malaman kung magkano ang tinatanggap na kita ng bawat pamilya upang maunawan ang kanilang kakayahan na makabili at makagamit ng iba't ibang produkto.

## DISTRIBUSYON NG KABUUANG GUGOL NG PAMILYA KUNG IUUGNAY SA PANGKAT NG GUGOL AT ANTAS NG KITA – 1994

Talahanayan Blg. 4.3

| **PANGKAT NG GUGOL AT LUGAR** | KABUUAN | ANTAS NG KITA | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Mas mababa sa 20,000 piso | 20,000-29,999 | 30,000-39,999 | 40,000-49,999 | 50,000-59,999 | 60,000-69,999 | 80,000-89,999 | 100,000-249,999 | 250,000 at pataas |
| | | | | | | | | | | |

Ang talahanayan bilang 4.3 ay nagpapakita na ang mga pamilyang may malaking kita ay naglalaan lamang ng maliit na bahagi ng kanilang badyet sa pagkain at ang malaking bahagi sa mga di-pagkain gaya ng mga produkto at serbisyong medical at matataas na upa sa mga tirahan na madalas ay mga kondominyum at mga *townhouses*. Maipaliliwanang ang penomenang ito ng ***Batas ni Engel*** na nagsasaad na habang tumataas ang kita, lumiliit ang porsyento ng badyet na inilalaan sa pagkain habang ang porsyento naman na ginagastos para sa mga di-pagkaing produkto ay tumataas.

## KABUUANG BILANG NG PAMILYA, KABUUANG TAUNANG AT PINATAKANG HALAGA (AVERAGE) NG KITA NG PAMILYA AT GUGOL KUMPARA SA ANTAS NG KITA (INCOME CLASS) – 1994

Talahanayan Blg. 4.4

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |

Ipinakikita ng talahanayan bilang 4.4 na ang karamihan ng mga Pilipino (batay sa pigura ng taong 1994) ay di kumikita ng sapat upang matugunan ang kanilang

pangangailangan sa pagkain. Ipinakikita nito na 21 porsyento ng kabuuang bilang ng pamilyang Pilipino ay kumikita ng mas mababa sa 30,000 piso kada taon, at isang [porsyento ang tumatanggap ng mas mababa kaysa sampung libong piso kada taon. Ipinakikita rin nito na 13 porsyento ng lahat ng mga pamilyang Pilipino ay kumikita sa pagitan ng 30,0000 hanggang 39,999 piso kada taon. Madaling makita na ang karamihan ng mga Pilipino ay namumuhay sa kahirapan. Ito ang pag-uusapan natin sa susunod na bahagi ng araling ito.

**Kalagayan ng Pamumuhay ng mga Pilipino**

Bilang konsepto, ang pagiging mahirap ay tumutukoy sa pagdanas ng isang mababang uri ng kalidad ng buhay, walang materyal at di-materyal na pangangailangan ng tao upang mabuhay bilang tao. Ang isang mahirap na tao ay may napakaunting opsyon na mapagpipilian. Wala syang ganap na kalayaan upang determinahin ang kanyang kalagayang pisikal, at malamang ay nagdarahop siya kung hindi man ay wala siya ng ibang mga bagay na kailangan niya at ng kanyang pamilya upang mamuhay ng maayos at naaayon sa kung paaho nararapat na mamuhay ang tao.

Kung susuriin natin, may dalawang elemento tayong makikita dito. Una, ang panggastos na kailangan upang makabili ng sapat na pagkain na magpapanatili ng kalusugan ng bawat miyembro ng pamilya. Pangalawa, panggastos depende sa bansa, na nagpapakita ng presyo ng pakikilahok sa araw-araw na buhay bilang kabahagi ng lipunan.

Ngunit paano nga ba natin susukatin ang kahirapan? Kailan natin masasabi na ang sang tao o pamilya ay mahirap? Ang "***poverty threshold"*** ay tumutukoy sa pamantayan na inilalabas ng pribadong sektor, 12267 piso para sa taong 2003, na may kinalaman sa kita na kailangan upang matustusan ang mga pangangailangan ng pamilya na may anim na kasapi tulad ng mga pangangailangang nutrisyunal (2000 calories) at iba pang mga pangunahing pangangailangan. Ito ay maihahambing sa ***"poverty line"*** na itinatakda ng pamahalaan.

Bakit mas mataas ang kita ng mga nasa NCR?

Ano ang epekto ng pagkakaroon ng malaking kita sa kanilang pamumuhay?

Ang bansa ay may 24.7% na pamilya, ayon sa datos ng ***National Statistical Coordination Board*** para sa taong 2003, na nakakaranas ng kahirapan. Ang ***poverty incidence*** ang nagpapakita ng bahagdan ng mga Pilipino na hindi makatugon sa pamantayan ng nararapat na pagkain bunga ng mababang kita na tinatanggap. Ito ay isang palatandaan ng labis na kahirapan na dinaranas ng maraming Pilipino lalo na sa mga lalawigan.

**Pamantayan ng Pamumuhay** (*Standard of Living*)

Ang uri, kalidad at dami ng mga produkto na binibili at ginagamit ng mga tao ay tumutukoy sa pamantayan ng pamumuhay.

**A. Uri ng Pamantayan ng Pamumuhay**

***1. Pamantayan ng Karalitaan*** *(Poverty Standard)*

Nabibilang dito ang mga taong walang kakayahang matustusan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan. Sila ay umaasa na lamang sa limos o donasyon na ibinibigay ng mga tao sa iba't ibang institusyon. Ang mga palaboy sa kalye, pulubi at mga matatanda na inabandona ay ilan sa mga kabilang sa pamantayng ito.

***2. Pamantayan ng Pagkabuhay*** *(Bare Subsistence Standard)*

Ang kita ng mga tao na nabubuhay sa pamantayang ito ay sapat lamang upang pantustos sa kanilang pagkain, damit at tirahan. Ang pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan na ito ay lubhang mahirap. Ang pagkain ng tatlong

beses sa isang araw ay hindi pa sigurado sa kanilang pamumuhay. "Isang kahig, isang tuka" ay nagbibigay ng pinaka-angkop na paglalarawan ng pamantayng ito.

***3. Pamantayan ng Kalusugan at Disenteng Pamumuhay*** *(Health and Decency Standard)*

May sapat na kita upang magkaroon ng kakayahan na makapili ng uri ng produkto na nais gamitin. Sa ganitong pamantayan, masasabi na ang tao ay namumuhay nang may dignidad.

***4. Pamantayan ng Maginhawang Pamumuhay*** *(Comfort Standard)*

Komportable ang pamumuhay ng mga tao sa pamantayang ito sapagkat labis ang kanilang kinikita sa kailangang pantustos sa kanilang mga pangunahing pangangailangan sa buhay. Wala silang pag-aalala sa pagtugon ng lumalaki at dumaraming pangangailangan at hilig na pantao at nagagawa nilang mag-impok ng malaking bahagi ng kanilang kita.

***5. Pamatayan ng Karangyaan*** *(Luxury Standard)*

Angmga taong nabibilang sa pamantayang iito ay madalas bumibili at gumagamit ng mga produkto na may mataas na uri at kalidad na walang limitasyon sa dami na pwedeng bilhin. Hindi hadlang ang presyo at kita sa paglilimita ng dami ng bibilhing produkto. Maliit lamang na porsyento ng kabuuang populasyon ng Pilipinas ang bumubuo sa pamantayang ito.

**Pagkonsumo at Kulturang Pilipino**

Maliban sa kita, presyo at iba pang mga salik na ating napag-usapan sa mga naunang aralin, naiimpluwensyahan din ng kultura ang pagkonsumo ng isang tao.

Ilan sa mga pinahahalagahan sa kulturang Pilipino na nakaapekto sa pagkonsumo ay ang mga sumusunod:

***1. Pagtanaw ng utang na loob***

Minsan napipilitan tayong bumili ng isang bagay kapag ito ay inalok sa atin kahit na ang kanyang ibinebenta ay di natin kailangan.

***2. Kaisipang Kolonyal***

May mga Pilipino na nasisiyahan kapag nakabibili o nakagagamit man lamang ng dayuhang produkto. Ipinagmamalaki pa ang pagkonsumo na sinasabing *imported* dahil ang tingin ng karamihan sa atin ay superyor ang produktong gawa sa ibang bansa kaysa sa mga gawa sa atin.

***3. Rehiyonalismo***

Higit na tinatangkilik ng isang Pilipino ang mga produkto na gawa sa kanyang pinanggalingang lalawigan. Halimbawa, ang isang kapampangan, kapag bumibili ng tocino, ang kanyang bibilhin ay *Pampanga's Best* kaysa tocinong gawa sa ibang probinsya. Sa pananaw ng marami, ito ay magandang indikasyon sa pagtangkilik ng sariling produkto ng bansa.

***4. Pakikisama***

Minsan, napipilitan ang isang tao na bumili ng isang produkto kahit ito ay hindi nya kailangan kapag ang nagbebenta ay kamag-anak, kaibigan, kasamahan sa trabaho, at iba pa o kaya naman ay naudyukan. Ang pagkakaroon ng suki ay isang indikasyon ng ugaling ito.

***5. Pagpapahalaga sa edukasyon***


Binibigyang importansya ng karamihan ng mga Pilipino ang edukasyon. Naniniwala ang marami na ang edukasyon ang gagarantiya ng magandang kinabukasan para sa bawat isa kaya't pinipilit ng mga Pilipinong magulang na mairaos ang pag-aaral ng kanilang mga anak. Maliban sa pagkain, isa rin ito sa itinuturing na isa sa mga pangunahing bagay na dapat pagkagastusan para sa mga Pinoy.

***6. Kalinisan sa Katawan***

Hindi nawawala sa isang tahanang Pinoy ang sabon, *shampoo* at *toothpaste* dahil mahalaga para sa mga Pilipino na panatilihing malinis ang katawan. Dahil dito laging kasama sa badyet ng mga Pilipino ang pambili ng panglinis ng katawan.

***7. Hospitalidad***

Isang ugali pa ng mga Pilipino na nakaapekto sa ating pagkonsumo ay ang hospitalidad. Kung may bisita, hindi makaalis ang bisitang ito sa isang tahanang Pinoy na hindi siya itinuring na kapamilya at hindi napakain ng masarap na pagkain. Nangangahulugan ito ng dagdag na gastos at kung minsan, kung walang pera, utang pa.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Tukuyin ang salitang inilalarawan sa mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

Limang uri ng pamantayan ng pamumuhay:

____________ 1.
____________ 2.
____________ 3.
____________ 4.
____________ 5.

Mga ugaling Pinoy na nakaiimpluwensya sa pagkonsumo ng mga Pilipino.:

____________ 6.
____________ 7.
____________ 8.
____________ 9.
____________ 10.
____________ 11.
____________ 12.



**Tandaan Mo!**

- Malaking bahagi ng populasyon ng PIlipinas ay namumuhay sa kahirapan.
- Ang “***poverty threshold”*** ang pamantayan na inilalabas ng pribadong sektor na may kinalaman sa kita na kailangan upang matustusan ang mga pangangailangan ng pamilya na may anim na kasapi tulad ng mga pangangailangang nutrisyunal (2000 calories) at iba pang mga pangunahing pangangailangan. Ito ay maihahambing sa ***“poverty line”*** na itinatakda ng pamahalaan.
- Ang ***poverty incidence*** ang nagpapakita ng bahagdan ng mga Pilipino na hindi makatugon sa pamantayan ng nararapat na pagkain bunga ng mababang kita na tinatanggap.
- Mga pamantayan ng pamumuhay: (1) pamantayan ng karalitaan; (2) pamantayan ng pagkabuhay; (3) pamantayan ng kalusugan at disenteng pamumuhay; (4) pamantayan ng maginhawang pamumuhay; at (5) pamantayan ng karangyaan .
- Mga ugaling pinoy na nakaiimpluwenya sa pagkonsumong pinoy: (1) pagtanaw ng utang na loob; (2) kaisipang kolonyal; (3) rehiyonalismo; (4) pakikisama; (5) pagpapahalaga sa edukasyon; (6) kalinisan sa katawan; at (7) hospitalidad.



**Gawain 3: Paglalapat**

Tapusin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

Ang gastusin ng mag-anak ay dapat ___________ (sa piso) para ____ (bilang ng miyembro) sa taong 2003.

## ARALIN 5


## ANG MAMIMILI O KONSYUMER: MGA KATANGIAN AT KARAPATAN



Ang **konsyumer** o **mamimili** ay tumutukoy sa mga taong bumibili at gumagamit ng mga produkto at serbisyo upang matugunan ang pangangailangan at masiyahan sa paggamit ng mga binili. Ang pagpili at pagdedesisyon sa uri at dami ng produktong bibilhin ay nakasalalay sa kamay ng mga mamimili sa paghahangad na masulit ang bawat sentimo na ipambabayad sa napiling produkto.

Ang puwersa ng mga mamimili ang dahilan ng pagpapabuti ng uri at kalidad ng mga produktong makikita sa pamilihan.

Ang mamimili --- ang kanyang mga katangian at karapatan an gating pag-uusapan sa araling ito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mauunawaan ang mga katangian ng mamimili at paano naaapektuhan ng mga katangiang ito ang pagkonsumo pati na ang proseso ng produksyon;
2. Maibibigay ang mga karapatan ng mamimili;
3. Mauunawaan ang simula at hangganan ng mga karapatang nabanggit;
4. Mauunawaan ang mga responsibilidad kaaakibat ng pagsisiguro na ang kanilang mga karapatan ay naigagalang; at
5. Mauunawaan ang mga batas na pupoprotekta sa mga karapatan ng mga konsyumer.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ikaw ay isa ring konsyumer. Ano sa palagay mo ang nararapat mong gawin upang siguruhin na nasusulit ang perang iyong ginagastos sa pagbili ng mga produkto? Ano din sa tingin mo ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang mamimili?

**Mga Katangian ng Matalinong Mamimili**.

Ang pagkonsumo ng tao ay naglalarawan ng kung anong uri siya ng mamimili. Karaniwan, nais nating lahat na maging matalinong mamimili dahil ibig sabihin nito ay nasusulit natin ang bawat sentimong ating ginagastos para sa bawat produkto. Ang mga sumusunod ay mga katangian ng matalinong mamimili.

***1. Mapanuri***

Sinusuri ang produktong bibilhin. Tinitingnan ang sangkap, presyo, timbang, pagkakagawa at iba pa. Kung may pagkakataon pa, inihahambing ang mga produkto sa isa't isa upang makapagdesisyon ng mas mabuti at mapili ang produktong sulit sa ibabayad.

***2. May Alternatibo o Pamalit***

May mga panahon na walang sapat na pera ang mamimili upang bilhin ang produktong dati nang binibili o kaya naman ay nagbago na ang kalidad ng produktong dati nang binibili. Ang matalinong pamimili, sa ganitong pagkakataon, ay marunong humanap ng pamalit o panghalili na makatutugon din sa pangangailangang tinutugon ng produktong dating binibili.

***3. Hindi Nagpapadaya***

May mga pagkakataon na ang mamimili ay matatapat sa isang tindero o tindera na mandadaya. Ang matalinong mamimili ay laging handa, alerto, mapagmasid sa mga maling gawain lalo na sa pagsusukli at paggamit ng timbangan.

***4. Makatwiran***

Lahat ng konsyumer ay nakakaranans ng pagkakaroon ng limitadong badyet. Kaya sa pagpili ng isang produkto ay isinasaalang-alang ang presyo at kalidad nito. Isinasaisip din ang kasiyahan na matatamo sa pagbili at paggamit ng produkto pati na rin ang digri ng pangangailangan dito.

***5. Sumusunod sa Badyet***

Ito ay kaugnay ng pagiging makatuwiran ng matalinong konsyumer kung saan ay tinitimbang ang mga bagay-bagay ayon sa kanyang kakayahang bilhin at kasiyahang maibibigay sa kanya. Hindi siya nagpapadala sa popularidad ng produkto na may mataas na presyo. Ito ang dahilan ng pagkahilig ng mga konsyumer sa mga *sale*, *buy one take one* o yung may mga *give away* o libreng produkto.

***6. Hindi nagpapanic buying***

Ang artipisyal na kakulangan na bunga ng pagtatago ng mga produkto ng mga nagtitinda upang hintayin ang pagtaas ng presyo ay hindi ikinababahala ng isang matalinong konsyumer, dahil alam niyang ang pagpa*panic buying* ay lalo lamang magpapalala ng sitwasyon.

***7. Hindi Nagpapadala sa Anunsyo***

Ang pag-eendorso ng produkto ng mga artista ay hindi nakapagpapabago sa pagkonsumo ng isang matalinong konsyumer. Ang kalidad ng produkto ang tinitingnan at hindi ang paraan ng pag-aanunsyo na ginamit.

**Mga tips para sa isang matalinong pamimili**

1. Gumawa ng talaan (listahan) ng iyong bibilhin. Makatulong ito sa iyo upang makatipid sa oras at makaiwas sa pagbili ng kalakal na di mo kailangan.
2. Suriin ang kondisyon ng gamit o kalakal bago bilhin. Sa ganitong paraan makakaiwas ka na bumili ng mga sira at depektibong produkto. Hindi maaksaya ang iyong pera.
3. Iwasan ang pagbili ng gamit na *second hand*. Baka mas malaki pa ang gastusin mo sa pagpapakumpini nito dahil ang mga produktong ito ay karaniwang wala nang *warranty*.
4. Piliin ang wastong panahon ng pagbili. Ang mga gulay at prutas na nasa panahon ay tiyak na mas mura.

5. Piliin kung saan mahusay mamili. Kung saan mura ang bilihin, matitibay at magaganda ang pagkakayari.
6. magtanung-tanong ng halaga at piliin kung saan ang pinakamura at maganda ang kalidad ng produkto at nang makatipid ka.

**Mga Karapatan ng mga Mamimili**

***May walong pangunahing karapatan ang bawat konsyumer:***

***1. Karapatan na magkaroon ng mga pangungunahing pangangailangan***

Ang karapatang ito ay naggagarantiya ng sapat na pagkain, damit, silungan, pangangalagang medikal, edukasyon at sanitasyon.

Kung ipaglalaban at igagalang ang karapatang ito, maari tayong umasa sa pagkakaroon ng sapat na suplay ng mga pangunahing pangangailangan sa presyong tama at kayang bilhin sa hinaharap.

Ano ang dapat nating gawin upang masiguro na matatamasa natin ang partikular na karapatan na ito? Ito ang ilan sa mga dapat gawin: (a) bigyang prayoridad ang inyong mga pangunahing pangangailangan; (b) ang tignan ay ang kalidad hindi ang dami; (3) pahalagahan ang kalidad hindi ang tatak; (4) huwag mag*panic buying*; at (5) sa panahon ng kalamidad o krisis, maging mapagmasid upang masiguro na ang mga pangunahing pangangailangan ay nasa pamilihan.

***2. Karapatan na maging ligtas***

Ito ay tumutukoy sa karapatan na maprotektahan laban sa pagbebenta ng mga produktong peligroso sa buhay at kalusugan.

Kung ipaglalaban at igagalang ang karapatang ito, makaasa tayo na ang mga manupaktyurer ay laging magsasagawa ng malawak na pag-aaral upang masiguro ang kaligtasan at kalidad ng mga produktong kanilang ibinebenta sa merkado sa hinaharap. Kasama na rin dito ang paglalagay ng mga etiketa na naglalaman ng mga tamang impormasyon na dapat malaman ng mga konsyumer hinggil sa

produkto, gamit at paraan ng paggamit nito, at kung kailangan, pati na rin ng mga babala.

Ano ang dapat nating gawin upang masiguro na matatamasa natin ang partikular na karapatan na ito? Ito ang ilan sa mga dapat gawin: (a) kung ikaw ay sensitibo sa isa o higit na sangkap, mas makakabuti kung babasahin mo ang mga etiketang kasama ng produkto pati na rin mga kalatas hinggil dito; (b) kung ikaw ay nasa isang tindahan at may duda ka hinggil sa isang produkto, mas makakabuting magtanong sa isang nakaaalam sa tindahan kung para saan ito at paano ito gamitin; (c) siguraduhing malayo sa abot ng mga bata ang mga produktong hindi nila dapat mahawakan. Tingnan ang mga babala sa etiketang nakakabit sa mga produkto gaya ng *“NOT SUITED FOR CHILDREN BELOW FOUR(4) YEARS" o "POISON: For external use only"* at iba pa; (d) bago bumili ng mga produkto lalo na yung mga mayroon lamang sa madamihan at malalakihang lalagyan lamang, mas makakabuting humingi muna ng sampo upang masigurong di masasayang ang iyong pagbili; at (e) matyagan ang mga produktong napatunayang peligroso sa buhay at kalusugan, maaari mong tignan itong madalas sa mga diyaryo para sa mga balita tungkol dito.

### *3. Karapatan sa tamang impormasyon*

Ito ay tumutukoy sa karapatang maprotektahan laban sa mga mapanlinlang at nakaliligaw na pag-aanunsyo at pag-eetiketa at karapatang mabigyan ng impormasyon at datos na kailangan para sa matalinong pagdedesisyon.

Kung ipaglalaban at igagalang ang karapatang ito, makakaasa tayo sa pagkakaroon ng kumpletong impormasyon tungkol sa produkto tulad ng gamit nito, mga sangkap, babala kung mayroon man, limitasyon at ekspirasyon.

Ano ang dapat nating gawin upang masiguro na matatamasa natin ang partikular na karapatan na ito? Ito ang ilan sa mga dapat gawin: (a) bago bumili ng isang produkto, masusing pag-aralan ang lahat ng impormasyon na nasa etiketa nito upang malaman ang gamit, sangkap, dami at paano pangalagaan ito; (b) bago pumirma sa mga *warranty*, garantiya at iba pa, siguraduhing iyong binasa at naunawaan **lahat** ng nilalaman lalo na yung mga bahaging maliliit nag pagkakasulat

ng mga titik; (c) mahalaga na magbasa ng mga dyaryo at iba pang babasahin upang makakalap ka ng impormasyon tungkol sa produktong nais bilhin bago ito bilhin. Makakabuti ring magtanong sa mga kaanak at kakikilala na nakabili na ng kapareho o halos kagaya ng produktong nais bilhin; (d) kung may nais kang linawin hinggil sa produkto, huwag magdalawang-isip na sumulat sa kumpanyang gumawa nito upang mabigyan ka ng detalyadong impormasyon; at (e) nararapat na tignan ang pangalan at lokasyon ng manupaktyurer upang kung dumating ang panahon na kailanganin ay mayroon.

***4. Karapatang Pumili***

Ito ay tumutukoy sa karapatang pumili ng produkto sa kompetitibong presyo na may garantiya ng kalidad.

Kung ipaglalaban at igagalang ang karapatang ito, makakaasa tayo sa hinaharap ng mas malawak na mapagpipilian ng produkto at serbisyo sa pamilihan na may pagkakaiba ng tatak, kulay, sukat at hugis na may pagkakaiba sa presyo, kalidad at gamit.

Ano ang dapat nating gawin upang masiguro na matatamasa natin ang partikular na karapatan na ito? Ito ang ilan sa mga dapat gawin: (a) tukuyin kung ano ang iyong gusto; (b) magkambas ng presyo bago bumili ng produkto o serbisyo o pumirma ng kontrata patungkol sa pagbili ng produkto o serbisyo; (c) masusuing pag-aralan ang mga gabay na aklat upang maikumpara ang mga produkto sa isa't isa dahil sa paraang ito ay makikita mo ang mga maaaring di napapansing pagkakaiba ng mga produkto na siya namang iyong kinakailangang malaman upang mapili mo ang produktong higit na magiging kapakipakinabang sa iyo; (d) kung may mga sampo ng produkto, siguraduhing sumubok ng isa; at (e) mag-ingat sa pagbili ng mga produktong may kasamang libreng produkto o di kaya iyong may mga *"buy two take one free"* at iba pa. Makakabuting tignan muna ang mga produktong may regular na presyo upang masiguro na hindi ka nagbabayad sa mga libreng produktong kasama sa mga promosyon.

**5. *Karapatan sa representasyon***

Ito ay tumutukoy sa karapatang maihayag ang interes ng mga konsyumer sa paggawa at pagsasakatuparan ng mga polisiya ng pamahalaan.

Kung ipaglalaban at igagalang ang karapatang ito, makakaasa tayo sa hinaharap na ang mga mambabatas na gagawa ng mga batas na maggagarantiya na makukuha ng konsyumer ang pinakamainam na halaga ng kanyang pinaghirapang piso upang matiyak na siya ay magkakaroon ng mas mabuting buhay.

Ano ang dapat nating gawin upang masiguro na matatamasa natin ang partikular na karapatan na ito? Ito ang ilan sa mga dapat gawin: (a) magbasa ng mga dyaryo at mga nakalagay sa mga *bulletin boards* sa mga opisina ng pamahalaan, lalo na iyong nasa inyong lokalidad hinggil sa pampublikong pagdinig; (b) dumalo sa mga pagpupulong at pagdinig sa inyong lugar lalo na iyong hinggil sa mga isyu ng mga konsyumer; at (c) alamin kung paano ang mga batas at regulasyon hinggil sa pagkonsumo ay isinasakatuparan sa inyong lokalidad.

**6. *Karapatang madinig at mabigyan ng bayad-pinsala***

Tumutukoy sa karapatan na mabigyan ng katumbas ng halagang ibinayad kung may misprepresentasyon, mga produktong ginaya o may mababang kalidad o mga di kasiya-siyang serbisyo.

Kung ipaglalaban at igagalang ang karapatang ito, makakaasa tayo na ang lahat ng mga manupaktyurer at mga may-ari ng tindahan ay papalitan ang mga depektibong produkto ayon sa polisiya na *“No Return, No Exchange”* na napapaloob sa R.A. 7394 higit na kilala sa titulong *“Consumer Act of the Philippines”* sa hinaharap.

Ano ang dapat nating gawin upang masiguro na matatamasa natin ang partikular na karapatan na ito? Ito ang ilan sa mga dapat gawin: (a) kung nakabili ka ng depektibong produkto, bumalik sa tindahan kung saan ito binili at sumangguni sa

*Consumer Welfare Desk*[1]*;* (b) maaari kang humingi ng kapalit o ibalika ng iyong bayad, at sa ibang pagkakataon ipagawa sa kanila ang depektibong produkto; (c) kung ang tagapamahala o reperesentante ng tindahan ay hindi agarang inaksyunan ang iyong reklamo, pumunta sa ahensyang may hurisdiksyon sa iyong problema; (d) dalhin ang mga dokumentong kailangan tulad ng iyong sulat patungkol sa iyong reklamo, resibo at iba pa na sa tingin mo ay importante medyasyon; at (e) siguraduhing dumalo sa kumperensya ng medyasyon.

### 7. *Karapatang magkaroon ng edukasyon bilang konsyumer*

Ito ay tumutukoy sa karapatang magkaroon ng kaalaman at kakayahan para maging isang matalinong mamimili.

Kung patuloy na ipaglalaban at igagalang ang karapatang ito, makakaasa tayo sa hinaharap na ang tatlong sektor sa ating lipunan: mga negosyante, pamahalaan at mga konsyumer ay paiigtingin ang kampanya upang higit na mapakalat ang mga kaalaman na kailangan upang maging isang matalinong konsyumer. Magakakaroon ng mas maraming serye ng mga seminar, kumperensya at mga pampublikong pandinig para sa kapakanan ng mga konsyumer. Magkakaroon din ng mas malawak na

implementasyon ng *consumer education* sa elementarya, sekondarya at kolehiyo alinsunod din sa R.A. 7394.

Ano ang dapat nating gawin upang masiguro na matatamasa natin ang partikular na karapatan na ito? Ito ang ilan sa mga dapat gawin: (a) magbasa ng dyaryo at iba pang lathalain na naglalaman ng mga artikulo o balita na makatutulong sa edukasyon ng mga konsyumer upang masulit ang kanilang pera; (b) maibahagi sa mga pampublikong pagdinig at pagpupulong sa inyong lugar na patungkol sa mga isyu ng konsyumer tulad ng akseso sa mga pangunahing produkto at serbisyo, kalidad ng produkto at kaligtasan, sustenableng pagkonsumo at iba pa; at (c) pakikilahok sa mga seminar at kumperensya na isinasagawa ng mga ahensya ng pamahalaan, mga porganisasyon na pumoprotekta sa karapatan ng mga konsyumer

o ng sektor ng mga negosyante patungkol sa mga balita at regulasyon para sa kapakanan ng mga konsyumer.

***8. Karapatan sa isang maayos at malinis na kapaligiran***

Ito ay tumutukoy sa karapatan na mamuhay at magtrabaho sa isang lugar na hindi peligroso at nagbibigay tulot na mamuhay ang isang tao na maayos at may dignidad.

Kung patuloy na ipaglalaban at igagalang ang karapatang ito, makakaasa tayo sa hinaharap na magiging masigasig at matigas ang pamahalaan sa pagpapatupad ng mga batas, polisiya at programa na tutugon sa problema natin hinggil sa kadusata-dustang kalagayan ng ating kapaligiran lalo ng mga kagubatan at iba pa. Lalo't higit na iigting din ang pagsubaybay sa mga dagat, *coral reefs*, kagubatan, at pagtatapon ng basura ng mga pabrika upang malaman kung may pagsuway sa mga batas hinggil sa pagprotekta ng ating kapaligiran.

Ano ang dapat nating gawin upang masiguro na matatamasa natin ang partikular na karapatan na ito? Ito ang ilan sa mga dapat gawin: (a) siguraduhing ikaw ay may malawak na kaalaman sa klase at lawak ng polusyon na mayroon sa inyong lugar gaya ng polusyon sa hangin, ingay o amoy upang ikaw ay epektibong makilahok sa paghanap ng solusyon para sa mga problemang ito; (b) ugaliing magbawas ng dami ng mga solidong basura sa pamamagitan ng pagbili ng mga produktong pag itinapon ay hindi nakakasira ng kapaligiran; (c) gamitin uli ang mga produkto at lalagyang pwede pang gamitin; at (d) gumamit ng mga *recycled* na produkto.

**Mga Ahensya ng Pamahalaan na Tumutulong sa mga Mamimili**

Ngayon ay alam mo nang magsuri ng mga karapatang dapat para sa isang mamimili. Subalit kailangan mo ring alamin kung saang tanggapan ka dapat dumulog para ikaw ay mapakinggan. Upang matutunan mo kung saang ahensya dapat magreklamo, suriin mo ang mga tungkulin at ang mga nasasakop ng mga ahensya na nauukol sa iba't ibang uri ng paglabag sa mga karapatan ng mamimili.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | **Magpatupad ng batas** → | Department of Trade and Industry → | • Industriya<br>• Kalakalan |
| 2. | **Batas, kampanya, paghuli, pagpigil** → | National Pollution Control Commission → | Hangin, tubig |
| 3. | **Pangangalaga Saguruhin** → | Bureau of Food and Drugs → | Kalusugan, proseso, malinis, mabisa at ligtas ↓ |
| | | | Pagkain, gamot at mga kalakal na pampaganda |
| 4. | **Nagbibigay ng pamantayan** → | Product Standard Bureau → | Kompanya at Pabrika |
| 5. | **Magbantay, manghuli** → | Lokal na Pamahalaan → | Madayang sukatan, timbangan |
| 6. | **Duminig ng reklamo** → | Energy Regulatory Commission → | LPG at gasolina |
| 7. | **Pagpapahayag Reklamo** → | Mass Media → | Radyo, telebisyon, pahayagan |

**Ang CONSUMER ACT OF THE PHILIPPINES** (R.A. 7394)

Noong 15 ng Hulyo 1992 nagsimulang umepekto ang R.A. 7394, kilala bilang ***Consumer Act of the Philippines***. Ito ay isinabatas upang maprotektahan ang interes at kapakanan ng mga konsyumer at makapagtakda ng mga pamantayan para sa pakikipagkalakalan at mga industriya.

Ang mga layunin ng batas na ito ay ang mga sumusunod: (a) maprotektahan ang mga konsyumer laban sa mga banta sa kalusugan at kaligtasan; (b) maprotektahan ang mga konsyumer laban sa mga mapanlinlang at di makatarungang mga gawain sa pagbebenta; (c) makapagbigay ng impormasyon ang mga konsyumer upang magamit nila ang kanilang mga karapatan; (d) makapagbigay ng mga karapatan ay pamamaraan ng pagdulog ng mga konsyumer sa kanilang mga reklamo at pagbibigay ng kaukulang aksyon; at (e) pakikibahagi ng mga kinatawan ng mga konsyumer sa pagsasagawa ng mga panlipunan at pangekonomiyang mga polisiya.

Ang mga ahensyang magsasakatuparan ng batas na ito ay ang mga sumusunod:

- Kagawaran ng Industriya at Kalakalan (Department of Trade and Industry)
- Kagawaran ng Agrikultura (Department of Agriculture)
- Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education)
- Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health)
- Bangko Sentral ng Pilipinas (Central Bank of the Philippines)
- Securities and Exchange Commission
- Kawanihan sa Pangangalaga sa Pagkain at Gamot
- Lokal na Munisipyo

Ang batas ay angkop lamang kung: (a) ang nagrereklamao ay isang tao; (b) ang sangkot sa paglabag ay isang produkto o serbisyo para sa konsyumer; at (c) ang reklamo ay patungkol sa anumang naunang nabanggit. Ano ba ang mga produkto o serbisyo para sa konsyumer? Ito ay tumutukoy sa lahat ng kalakal, serbisyo, kredito,

utang o obligasyon na para sa personal, pamilya, bahay o gamit agrikultura tulad, ngunit di limitado, sa mga sumusunod: pagkain, gamot, kosmetik at gamit.

Kung ikaw bilang konsyumer ay may reklamo, ang mga sumusunod ang iyong dapat gawin:

- Tukuyin ang problema at ang sa tingin mo ay ang makatarungang solusyon dito. Nais mo bang ibalik ang iyong ibinayad? Nais mo ba na ayusin ang depekto ng produktong iyong binili? O di kaya ay palitan ang produktong iyong binili?
- Kalapin ang mga dokumentong iyong kakailanganin patungkol sa iyong reklamo tulad ng resibo, *warranties*, kontrata,at iba pa na magbibigay suporta sa iyong reklamo at makatutulong sa pagbibigay solusyon sa problema.
- Bumalik sa tindahan kung saan binili ang produkto. Hanapin ang taong nagbenta

  di kaya ay gumawa ng serbisyo. Matiwasay na siya ay kausapin at ipaliwanang ang problema at sabihin ang sa tingin mo ay dapat gawin ukol dio. Kung di makakatulong ang taong ito, hanapin ang tagapangasiwa at ulitin ang iyong reklamo.
- Kung hindi ka nasiyahan sa tugon, makabubuting gumawa ka ng sulat na naglalaman ng iyong reklamo at ipadala ito sa ahensyang may hurisdiksyon dito. Isulat ang iyong pangalan at tirahan, ang pangalan at lokasyon ng establisimyentong iyong inirereklamo, ang mga pangyayari at detalye patungkol sa iyong reklamo kasama ang mga pangalan, petsa, lugar at iba pa. Ikabit ang mga dokumentong kailangan tulad ng resibo, katunayan ng pagbili at iba pa. Nararapat na maging handa ka rin na humarap, kung ipatawag, lalo na sa medyasyon.
- Huwag kalimutan na may dalawang taon ka lamang para isumite ang iyong reklamo mula sa araw na binili mo ang produkto o serbisyo, o kung kalian ginawa ang panloloko o di kaya, sa kaso ng mga nakatagong depekto, ay mula sa araw na iyong malaman ang depekto ng produkto o serbisyong binili.
- Dalawang kopya ng iyong reklamo ay dapat isumite sa mga opisinang probinsyal na may hurisdiksyon sa iyong reklamo. Kung walang opisinang probinsyal, isumite ang iyong reklamo sa opisinang pang rehiyonal. Sa mga kaso na ang

nagrerelamo at inirereklamo ay nasa magkaibang probinsya, ang nagrereklamo ay may opsyon na pumili ng lugar na pagsusumitehan ng reklamo. Sa kaso namang ito ay isa nang sibil o criminal na aksyon, ito ay dapat na isumite sa kaukulang korte gaya ng *Municipal Trial Court* o di kaya ng *Regional Trial Court.*

**Iba Pang Batas na Nagbibigay Proteksyon sa Karapatan ng mga Konsyumer**

***1. Batas Price Tag***

Ang batas na ito na napapaloob din sa R.A. 7394 ay nagtatakda na ang mga *retailers* o nagtitinda ng mga produkto at serbisyo ay nararapat na lagyan ng kaukulang *price tag* o *label* ng presyo. Hindi maaaring ibenta ang nabanggit na mga produkto sa mas mataas na presyo kumpara sa nakalagay sa *price tag* nito.

***2. Batas Republika Blg. 3740***

Ang batas na ito ang nagbabawal sa pag-aanunsyo ng mga pekeng produkto at serbisyo.

***3. Batas Republika Blg.3452***

Ang batas na nagtatag ng *National Grains Authority* na may tungkuling bumili ng mga palay sa mga magsasaka at ipagbili ang mga ito sa mga mamimiling Pilipino sa murang halaga. Ang tungkuling ito ay ginagampanan ng *National Food Authority* ngayon. Ito rin ang nakaaalam kung may sapat na suplay ng bigas sa bansa.

***4. Artikulo 188, 189*** *(Binagong Kodigo Penal)*

Ang batas na nagbbigay parusa sa sinumang gagamit ng tatak, lalagyan at gagaya sa balot ng ibang produkto.

***5. Artikulo 2187*** *(Kodigo Sibil ng Pilipinas)*

May pananagutan ang mga prodyuser ng mga pagkain, inumin at iba pang produkto na nakakapinsala sa katawan, kalusugan at buhay ng mga mamimili bunga ng mga sangkap na ginagamit sa paglikha ng produkto.

***6. Artikulo 1546*** *(Kodigo Sibil ng Pilipinas)*

Ang sira, depekto at pinsala ng produkto ay hindi dapat itago sa mga mamimili. Ang batas na ito ang nagbibigay-garantiya na walang nakatagong pinsala ang isang produkto.

***7. Batas Republika Blg. 7581*** *(Price Act)*

Ang batas na ito, na kilala bilang ***Price Act*** naglalayong magarantiyahan na laging may suplay ng mga pangunahing pangangailangan at maprotektahan ang mga mamimili laban sa di makatarungang pagtaas ng presyo ng mga ito na may pagsasaalang-alang din sa interes ng mga lehitimong negosyo upang mabalik ang kanilang mga puhunan.

Sa tingin mo, ang patuloy at sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng gasolina ay isa bang paglabag sa Price Act?


**Mga Responsibilidad ng Mamimili**

***1. Kritikal na Kamalayan***




Responsibilidad na maging alerto at magtanong hinggil sa gamit, presyo at kalidad ng mga produkto at serbisyong ating binibili at ginagamit.

***2. Aksyon***




Responsibilidad na ipaglaban at ipagtanggol ang ating mga karapatan bilang mga konsyumer upang makakuha tayo ng makatarungang bentahan. Kung mananatili tayong mga pasibong konsyumer, patuloy tayong maaabuso.

***3. Pagpapahalaga sa Lipunan***

Responsibilidad natin na isaalang-alang ang epekto ng ating pagkonsumo sa ibang tao, sa ating lipunan, sa lokalidad, sa nasyon at sa buong mundo.




***4. Pagpapahalaga sa Kapaligiran***




Mayroon tayong responsibilidad na magkaroon ng kaalaman sa kalagayan ng ating kapaligiran at ang epekto ng ating pagkonsumo sa dito. Kailangan nating maunawaan na mayroon tayong indibidwal at sosyal na responsibilidad na ingatan ang ating kapaligiran para sa mga susunod na henerasyon.

***5. Solidaridad***

May responsibilidad tayo na magsama-sama, magtulungan at iorganisa ang ating mga sarili upang maprotektahan at maisulong natin ang ating mga interes bilang mga konsyumer.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Kilalanin ang mga karapatan ng mga mamimii sa pamamagitan ng pagbibigay ng nawawalang titik sa kahon. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

1.

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | | M | A | | G | | I | | P | | R | M | | S | Y | | N |

2.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | | L | | G | T | | | | N |

3.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| P | | G | | L | I |

4.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | A | | I | N | | | | A |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | A | P | | | I | | I | | A | N |

5.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| R | | P | R | | | E | N | T | | | Y | | N |

Tukuyin ang katangian ng mamimili base sa inilalarawan ng pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.

1. Pinaghahambing ang presyo, timbang, sukat at kapakinabangan ng kalakal.
2. Bumibili ng kalakal hindi dahil sa tatak, papremyo o promosyon.
3. Namimili ng kalakal ayon sa inilaang pera para sa pagbili ng kalakal.
4. Nananatili sa parehong dami ng kalakal na binibili kahit alam na tataas ang presyo ng mga ito.
5. Bumibili lamang ng kalakal na kapakipakinabang.



**Tandaan Mo!**

- Ang **konsyumer** o **mamimili** ay tumutukoy sa mga taong bumibili at gumagamit ng mga produkto at serbisyo upang matugunan ang pangangailangan at masiyahan sa paggamit ng mga binili.
- Mga katangian ng isang matalinong mamimili: (1) mapanuri; (2) may alternatibo o pamalit; (3) hindi nagpapadaya; (4) makatwiran; (5) sumusunod sa badyet; (6) hindi nagpa*panic-buying*; at (7) hindi nagpapadala sa anunsyo.
- Mga karapatan ng mamimili: (1) karapatan na matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan; (2) karapatan na maging ligtas; (3) karapatan sa tamang impormasyon; (4) karapatang pumili; (5) karapatan na mairepresental; (6) karapatang mabigyan ng bayad-pinsala kung nakabili ng mga depektibong produkto; (7) karapatang magkaroon ng edukasyon bilang konsyumer; at (8) karapatan sa isang maayos at malinis na kapaligiran.
- Ang ***Consumer Act of the Philippines*** ay isang komprehensibong batas na naglalayong maprotektahan ang interes at kapakanan ng mga konsyumer at makapagtakda ng mga pamantayan para sa pakikipagkalakalan at mga industriya.
- Iba pang batas na pumoprotekta sa mga konsyumer: (1) Price Act; (2) Price Tag; (3) Batas Republika Blg. 3740; (4) Batas Republika 3452; (5) Artikulo 1546 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas; (6) Artikulo 188, 189 ng Binagong Kodigo Sibil; at (7) Artikulo 2187 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.



**Gawain 3: Paglalapat**

Markahan ang iyong sarili bilang isang konsyumer. Lagyan ng tsek ang bawat pamilang: 1 – napakatalino, 2 – matalino, 3 – di-gaanong matalino, 4 - mahina.

| | 1 | 2 | 3 | 4 |
|---|---|---|---|---|
| 1. Madaling maniwala sa anunsyo. | | | | |
| 2. Mapagmasid | | | | |
| 3. Alam kung ano ang gagawin sa kaso na makabili ng depektibong produkto | | | | |
| 4. Mahilig tumawad | | | | |
| 5. Matipid | | | | |
| 6. Alam ang mga karapatan at pananagutan | | | | |
| 7. May listahan ng bibilhin | | | | |
| 8. Mabilis magdesisyon | | | | |
| 9. Sumusunod sa badyet | | | | |
| 10. Mahilig sa murang bilihin | | | | |

Basahin ang mga sitwasyong nakasulat at suriin ang mga ito. Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.

1. Bumili ng gamot si Ivy upang mabawasan ang pananakit at pamamaga ng kanyang tuhod. Nang gagamitin na niya naghahanap siya ng mga pasubali o paalala sa pabalat nito. Di niya malaman kung ito ay iniinom o ipinapahid sa balat. Nagbalik siya sa tindahan at pinapalitan niya ang gamot, ngunit ayaw pumayag ng tindera. Anong karapatan ng mamimili ang nalabag sa sitwasyong ito (maaaring higit sa isa ang iyong kasagutan)?

2. Kababalik lang ni Ed mula sa Japan. Bilang pasalubong ibinili niya ng telebisyon ang kanyang mga anak. Binasa niya ang manwal ng telebisyon upang malaman kung paano niya gagamitin ito. Tinignan din niya ang boltaheng gamit ng telebisyon.

Hindi niya ito makita. Ipinalagay niyang 220 ang boltaheng gamit nitodahil gawa ito sa Pilipinas. Sa kasamaang palad pumutok ito ng kanyang isinaksak at nadamay pa ang iba nilang *appliances* na ginagamit ng mga oras na iyon.

a. Sino ang may pagkukulang, si Ed o ang prodyuser?
b. Ano ang naging pagkukulang?
c. Ano ang dapat gawin ni (Ed) (prodyuser)?
d. Isa-isahin mo ang mga arapatang dapat na nakamit.

Sabihin kung saan idudulog ang reklamo. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kwaderno.

1. Si Iris ay nag-aalala para sa kanyang kutis. Naisip nyang gumamit ng mga pamahid sa kanyang mukha. Matapos niyang gamitin, tila nasunog ang kanyang balat.
2. May mga dyip na napakabilis magpatakbo at sa kanilang pagbabyahe hindi lamang ang takbo ng dyip at kapuna-puna pati ang usok ng tambutso nito.
3. Namili sa pamilihang bayan si Aling Seling . Bumili siya ng isang kilong karne ng baka. Napansin niya na tila magaan ito para sa isang kilo. Sinubok nyang timbangin sa ibang timbangan. Tama ang kanyang pagdududa, kulang para sa isang kilo ang ibinigay sa kanya ng tindera.



## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang **pagkonsumo** ay tumutukoy sa pagbili at paggamit ng mga produkto upang matugunan ang mga pangangailangan at matamo ng tao ang kasiyahan..
- Apat na uri ng pagkonsumo:
    1. Tuwiran o Direkta – natatamo ang kasiyahan sa paggamit ng produkto.
    2. Produktibo – ang biniling produkto o serbisyo ay ginagamit sa produksyon ng iba pang produkto at serbisyo.
    3. Maaksaya – sayang na paggamit ng produkto.
    4. Mapanganib – paggamit ng produkto na delikado sa tao.
- Ang mga salik na nakaiimpluwensya sa pagkonsumo ay ang mga sumusunod: (1) kita; (2) okasyon; (3) pag-aanunsyo; (4) presyo; (5) pagpapahalaga ng tao; (6) panahon; at (7) pangagaya.
- Ang ***utility*** ay tumutukoy sa kasiyahang natatamo ng tao sa pagkonsumo ng produkto o serbisyo.
- Ang ***marginal utility*** ay tumutukoy sa karagdagang kasiyahan na natatamo sa pagkonsumo ng karagdagang yunit ng isang produkto o serbisyo sa isang pagkakataon.
- Ang ***total utility*** ay tumutukoy sa kabuuang kasiyahan na natatamo sa pagkonsumo nglahat ng yunit ng isang produkto o serbisyo sa isang pagkakataon.
- Mga batas na sumasaklaw sa pagkonsumo: (1) Batas ng Pagkakaiba; (2) Batas ng Pagkakabagay-bagay; (3) Batas ng Imitasyon; (4) Batas ng Pagpapasyang Ekonomiko; at (5) Batas ng Bumababang Kasiyahan
- Ang "***poverty threshold"*** ang pamantayan na inilalabas ng pribadong sektor na may kinalaman sa kita na kailangan upang matustusan ang mga pangangailangan ng pamilya na may anim na kasapi tulad ng mga

pangangailangang nutrisyunal (2000 calories) at iba pang mga pangunahing pangangailangan. Ito ay maihahambing sa ***"poverty line"*** na itinatakda ng pamahalaan.

- Ang ***poverty incidence*** ang nagpapakita ng bahagdan ng mga Pilipino na hindi makatugon sa pamantayan ng nararapat na pagkain bunga ng mababang kita na tinatanggap.
- Mga pamantayan ng pamumuhay: (1) pamantayan ng karalitaan; (2) pamantayan ng pagkabuhay; (3) pamantayan ng kalusugan at disenteng pamumuhay; (4) pamantayan ng maginhawang pamumuhay; at (5) pamantayan ng karangyaan .
- Ang **konsyumer** o **mamimili** ay tumutukoy sa mga taong bumibili at gumagamit ng mga produkto at serbisyo upang matugunan ang pangangailangan at masiyahan sa paggamit ng mga binili.
- Mga katangian ng isang matalinong mamimili: (1) mapanuri; (2) may alternatibo o pamalit; (3) hindi nagpapadaya; (4) makatwiran; (5) sumusunod sa badyet; (6) hindi nagpa*panic-buying*; at (7) hindi nagpapadala sa anunsyo.
- Mga karapatan ng mamimili: (1) karapatan na matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan; (2) karapatan na maging ligtas; (3) karapatan sa tamang impormasyon; (4) karapatang pumili; (5) karapatan na mairepresental; (6) karapatang mabigyan ng bayad-pinsala kung nakabili ng mga depektibong produkto; (7) karapatang magkaroon ng edukasyon bilang konsyumer; at (8) karapatan sa isang maayos at malinis na kapaligiran.
- Ang ***Consumer Act of the Philippines*** ay isang komprehensibong batas na naglalayong maprotektahan ang interes at kapakanan ng mga konsyumer at makapagtakda ng mga pamantayan para sa pakikipagkalakalan at mga industriya.
- Iba pang batas na pumoprotekta sa mga konsyumer: (1) Price Act; (2) Price Tag; (3) Batas Republika Blg. 3740; (4) Batas Republika 3452; (5) Artikulo 1546 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas; (6) Artikulo 188, 189 ng Binagong Kodigo Sibil; at (7) Artikulo 2187 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

I. Panuto:Piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ang iyong mga sgot sa iyong kwaderno.

1. Alin sa mga sumusunod ang hindi nakapagpapabago ng pagkonsumo
   A. kita. C. okasyon.
   B. presyo. D. Wala sa mga nabanggit.

2. Higit na makatitipid ang mamimmili sa oras at presyo kung
   A. nagpaplano. C. may pera.
   B. Walang listahan. D. nagmamadali.

3. Alin sa mga sumusunod ang hindi dahilan ng pagsusuri ng mamimili sa kalakal na bibilhin
   A. Kita ng mamimili. C. Kalidad ng kalakal.
   B. Presyo ng kalakal. D. Kondisyon ng kalakal.

4. Alin sa mga sumusunod na dahilan ang dapat isaalang-alang upang makaiwas sa pagbili ng *secondhand* na gamit.
   A. Mas higit na mura ang halaga.
   B. Makatitipid ang mamimili.
   C. Matagal nang subok ang gamit.
   D. Wala itong garantiya.

5. Sa Bulacan ay may isang malaking industriya ang paputok. Ngunit marami dito ang gumagawa ng napakalalakas na paputok na maaaring makapinsala sa gagamit. Anong ahensya ang dapat lapitan upang ireklamo ito.
   A. DTI.
   B. Energy Regulatory Commission.
   C. Bureau of Food and Drugs.
   D. National Pollution Control Commission.

6. Karaniwan nang ang isang LPG tank ay tumatagal sa loob ng isang buwan. Ngunit napansin mo na dalawang linggo pa lamang ay naubos na ito. Saang ahensya nararapat ka lumapit upang ito ay ireklamo.
   A. DTI.
   B. Energy Regulatory Commission.
   C. Bureau of Food and Drugs.
   D. National Pollution Control Commission.

7. Ang batas na ito ay nagtatakda na ang mga *retailers* o nagtitinda ng mga produkto at serbisyo ay nararapat na lagyan ng kaukulang *price tag* o *label* ng presyo. Hindi maaaring ibenta ang nabanggit na mga produkto sa mas mataas na presyo kumpara sa nakalagay sa *price tag* nito.
   A. Batas sa *Price Tag*.
   B. Batas Republika 3452.
   C. Batas Republika 3740.
   D. Artikulo 1546 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.

8. Ang batas na ito ang nagbabawal sa pag-aanunsyo ng mga pekeng produkto at serbisyo.
   A. *Price Tag*.
   B. Batas Republika 3452.
   C. Batas Republika 3740.
   D. Artikulo 1546 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.

9. Ang batas na nagtatag ng *National Grains Authority* na may tungkuling bumili ng mga palay sa mga magsasaka at ipagbili ang mga ito sa mga mamimiling Pilipino sa murang halaga. Ang tungkuling ito ay ginagampanan ng *National Food Authority* ngayon. Ito rin ang nakaaalam kung may sapat na suplay ng bigas sa bansa.
   A. *Price Tag*
   B. Batas Republika 3452.

C. Batas Republika 3740.
D. Artikulo 1546 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.

10. Ang batas na nagbbigay parusa sa sinumang gagamit ng tatak, lalagyan at gagaya sa balot ng ibang produkto.
    A. *Price Act*.
    B. Artikulo 188 at 189 ng Binagong Kodigo Penal ng Pilipinas.
    C. Artikulo 2187 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.
    D. Artikulo 1546 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.

11. May pananagutan ang mga prodyuser ng mga pagkain, inumin at iba pang produkto na nakakapinsala sa katawan, kalusugan at buhay ng mga mamimili bunga ng mga sangkap na ginagamit sa paglikha ng produkto.
    A. *Price Act*.
    B. Artikulo 188 at 189 ng Binagong Kodigo Penal ng Pilipinas.
    C. Artikulo 2187 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.
    D. Artikulo 1546 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.

12. Ang sira, depekto at pinsala ng produkto ay hindi dapat itago sa mga mamimili. Ang batas na ito ang nagbibigay-garantiya na walang nakatagong pinsala ang isang produkto.
    A. *Price Act*.
    B. Artikulo 188 at 189 ng Binagong Kodigo Penal ng Pilipinas.
    C. Artikulo 2187 ng Kodigo SIbil ng Pilipinas.
    D. Artikulo 1546 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.

13. Ang batas na ito ay naglalayong magarantiyahan na laging may suplay ng mga pangunahing pangangailangan at maprotektahan ang mga mamimili laban sa di makatarungang pagtaas ng presyo ng mga ito na may pagsasaalang-alang din sa interes ng mga lehitimong negosyo upang mabalik ang kanilang mga puhunan.

A. *Price Act*.
B. Artikulo 188 at 189 ng Binagong Kodigo Penal ng Pilipinas.
C. Artikulo 2187 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.
D. Artikulo 1546 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas.

14. Namalengke si Christine. Nang bibili na siya ng kamatis, tinanong lamang siya ng tindera kung ilan ang mabibili nya at sinabing bawal daw suriin ang kamatis na bibilhin. Ano ang karapatan ni Christine na nalabag sa pagkakataong ito?
    A. Karapatan sa pagpili.
    B. Karapatan sa tamang impormasyon.
    C. Karapatan na magkaroon ng pangunahing pangangailangan.
    D. Karapatan sa maayos at malinis na kapaligiran

15. Tumutukoy sa bumibili at gumagamit ng kalakal o serbisyo
    A. *investor*.
    B. konsyumer.
    C. prodyuser.
    D. kapitalista.

16. Pagkonsumo na natatamo agad ng tao ang kasiyahan
    A. tuwiran
    B. maaksaya.
    C. indirekta.
    D. mapanganib.

17. Basta na lamang bumibili si Peter ng produkto nang walang pagsusuri, pagkukumpara ng presyo o pamimili. Anong responsibilidad nya bilang mamimili ang hindi niya ginagawa
    A. Kritikal na kamalayan.
    B. solidaridad.
    C. Pag-aksyon.
    D. Pagpapahalaga sa kapaligiran.

18. Nakasanayan ni Mang Gusteng na itapon na lamang kung saan-saan ang pinagbalutan ng kanyang mga biniling produkto. Anong responsibilidad ng mamimili ang kanyang hindi ginagampanan?
    A. Kritikal na kamalayan.
    B. solidaridad.
    C. Pag-aksyon.
    D. Pagpapahalaga sa kapaligiran.

19. Tuwing umaga, nakasanayan na ni Mark ang magpatugtog ng sobrang lakas. Nagigising ang kanyang mga nagpapahingang mga kapitbahay. Aling responsibilidad ng mamimili ang kanyang di ginagampanan?
    A. Kritikal na kamalayan.
    B. solidaridad.
    C. Pag-aksyon.
    D. Pagpapahalaga sa lipunan.

20. Uri ng pagkonsumo na kung saan ginagamit ang isang produkto upang makagawa ng iba pang produkto.
    A. tuwiran.
    B. maaksaya.
    C. produktibo.
    D. mapanganib.



## GABAY SA PAGWAWASTO

### PANIMULANG PAGSUSULIT

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. A | 6. B | 11. A | 16. A |
| 2. D | 7. B | 12. B | 17. D |
| 3. B | 8. D | 13. C | 18. D |
| 4. A | 9. D | 14. B | 19. A |
| 5. A | 10. B | 15. C | 20. A |

### ARALIN 1: KONSEPTO NG PAGKONSUMO

**GAWAIN 1: Pag-isipan mo!**

Kapag ikaw ay bumili at uminom ng *softdrinks* ikaw ay isang **konsyumer**.

Mayroong produksyon upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao.

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng kaalaman**

1. pagkonsumo
2. produktibo
3. tuwiran/direkta
4. maaksaya
5. pagkonsumo

**GAWAIN 3: Paglalapat**

Konsultahin ang iyong guro kung tama ang iyong mga halimbawa.

## ARALIN 2: MGA SALIK NA NAKAIIMPLUWENSYA SA PAGKONSUMO

### GAWAIN 1: Pag-isipan mo!

1. halo-halo
2. kandila
3. mas marami
4. yung sa paborito kong artista
5. mas mababa

### GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

1. pag-aanunsyo
2. kita
3. presyo
4. okasyon
5. panahon
6. panggagaya
7. pagpapahalaga ng tao
8. pag-aanunsyo
9. *bandwagon*
10. testimonial

### GAWAIN 3: Paglalapat

1. B
2. C
3. A
4. E
5. D

## ARALIN 3: MGA BATAS NG PAGKONSUMO

### GAWAIN 1: Pag-isipan mo!

1. Karaniwang sagot ay B
2. Karaniwang sagot ay A
3. Karaniwang sagot ay B
4. A
5. una

### GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

1. Batas ng Imitasyon
2. *utility*
3. Batas ng Pagkakabagay-bagay
4. Batas ng Bumababang Kasiyahan
5. Batas ng Pagkakaiba-iba

### GAWAIN 3: Paglalapat

1. Uunahin ng iyong ama ang mga pangunahing pangangailangan ng inyong pamilya gaya ng pagkain.
2. Hindi. Mas mataas ang satispaksyong kanyang makukuha sa unang piraso.

## ARALIN 4: PAGKONSUMO NG PILIPINO

### GAWAIN 1: Pag-isipan mo!

Ikonsulta ang iyong mga sagot sa iyong guro.

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Pamantayan ng Karalitaan
2. Pamantayan ng Pagkabuhay
3. Pamantayan ng Kalusugan
4. Pamantayan ng Maginhawang Pamumuhay
5. Pamantayan ng Karangyaan
6. pagtanaw ng utang na loob
7. kaisipang kolonyal
8. rehiyonalismo
9. pakikisama
10. hospitalidad
11. kalinisan ng katawan
12. pagpapahalaga sa edukasyon

**Gawain 3: Pagpapalapat**

12267 piso

anim na miyembro

**ARALIN 5: ANG MAMIMILI: MGA KATANGIAN AT KARAPATAN**

**GAWAIN 1: Pag-isipan mo!**

Ikonsulta sa iyong guro ang iyong mga kasagutan at ikumpara rin ito sa kaukulang lektyur sa paksang ito.

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. 1. tamang impormasyon
   2. kaligtasan
   3. pagpili
   4. malinis na kapaligiran
   5. representasyon

B 1. nagsusuri
2. di nagpapaloko
3. sumusunod sa badyet
4. hindi nagpa*panic buying*
5. makatwiran/ praktikal

**GAWAIN 3: Paglalapat**

A. Ito ay sariling ebalwasyon kaya't walang tama o maling sagot.

B.1. karapatan sa kaligtasan, kaalaman, pamimili na madinig.

2. a. prodyuser
   b. pagbibigay ng tamang impormasyon (boltahe)
   c. magreklamo
   d. kaligtasan, impormasyon, kabayaran sa pinsala

C. 1. BFAD
   2. NPCC
   3. lokal na pamahalaan

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | D | 11. | C |
| 2. | A | 12. | D |
| 3. | A | 13. | A |
| 4. | D | 14. | A |
| 5. | A | 15. | B |
| 6. | B | 16. | A |
| 7. | A | 17. | A |
| 8. | C | 18. | D |
| 9. | B | 19. | D |
| 10. | B | 20. | C |